

**CRITICALLY ACCLAIMED ERUDITE ZINE BACK BY
POPULAR DEMAND! NOW ON ITS 2ND EDITION. NOW
EDITED!**

Kahanga-hanga ang kanyang mga
bullshit! Marami tayong matututunan,
parang sa eskuwelahan. –Anonymous
reviewer

Kapangalan niya dating prop ko.
Sing-galing din niya! –
Estudyanteng 10-taon na sa elbi

This is sharp. Sharp like a knife. How
will I ever heal? I'm so deeply
wounded. –Critically acclaimed author
in Philosophy, also a song



USAPING BURGIS

rizalino noble malabed



Creative Commons, 2017

You can use, reuse, and develop ideas in this zine but please cite
and reference the source.

Cover photo by Shaunnah Ysabel Cledera

MGA NILALAMAN

Kay S, 5

Subjection or subjectivization, anyone? 8

Tangkilikin si Jessica, enjoyin ang bansa!, 12

Books and stuff, 15

3+1: from subaltern silence to the act that cuts into the real, 16

Usapang burgis, 18

Libreng mga pahina para sa inyong sariling kaburgisan

sa mas konkretong paglalahad: eh di ba suspicious tayo lagi sa agency ng masa (halimbawa eh sa pagboto, para naman kumonekta sa isa pang post mo) dahil hindi sila nakapagaral?

baliktarin natin: dapat lang na suspicious sa atin ang masa dahil tayo'y nakapagaral!

Kay S

*nahuhumaling
ang aking mga mata
sa iyong hubog
sa mga patag mo't bundok
sa iyong mukha
sa misteryong iyong ngiti
sa iyong mga mata
sa iyong mga lagpas-tingin*

“Walang esensiya!” sabi ko sa estudyanteng hinahanap ang politika sa trial ni Corona, sa konsepto ng representasyon sa kongreso, sa gobyerno. Nakakatawa kasi nararamdaman kong may himaymay sa aking kamalayan na desperado kung maniwala sa esensiya, isusugal ang munting katinuan sa mundo para sa katiyakan ng buod na di binabago, di mababago, ng espasyo’t panahon, ng pananaw. Kailan lang naman tinalo ang katiyakan sa likod ng aking tingin, ginupo ang walang pagaatubiling paghusga sa lahat at ang kapangyarihang pangalanan sino o anumang sa santinakpan. Aporia. kasi ang kasegurahang ito’y tanggap ang kumplikasyon, ang gulo, ang kontradiksiyon... lunodbabad sa kawalang kahulugan, sa inutil na pagpapakahulugan.

*alam mo naman siguro
na gusto kang yakapin ng aking mga mata
bawat titig sa iyo*

Isang palaisipan sa pagsusulat ko sa aking naudlot na disertasyon ang pagbasa sa kuwento ng mga tasaday. Naisip ko kasi silang gawing pagsasalarawan ng isang theoretical claim: people is fiction. At corollary claim: all language is jargon. Kalamidad ng kontradiksiyon ang kinakalabasan, sa ngayon. Ang consensus kasi ay hoax ang tasaday. pakana ng nililigalig na administrasyong marcos noong 1971. Pero may mga linguists na pinagalaran ang kanilang lenguahe at sinasabing tunay naman, may pagkakahalintulad sa ibang katutubo sa mindanao pero malaki rin ang pagkakaiba, sumanga mahigit dalwandaang taon na sa nakalipas. Ang benta sa tasaday dati ay wala raw silang katumbas na salita sa 'giyera,' halimbawa ng payapa at tahimik na pamumuhay sa isang mundong sumisiklab sa digma't protesta. Ang problema ko ay kung papaano pagtatagpuin ang kanilang pagiging huwad bilang tribu at ang katotohanan ng kanilang pananalita.

Kaya naman natuwa ako sa pinadala kong article sa 'yo dati tungkol sa atake sa namamayaning teorya ni Chomsky sa linguistics. Di ba ang universal grammar ay esensiya? At ang paghamon ay nanggaling sa posisyong (kultural na) desisyon ang porma, anyo't gamit ng wika? Bonus na lamang ang mga katangian at pananaw ng mga katutubo sa Amazon na naging inspirasyon ng paghamon. Heto nga't nauwi na naman sa pundamental na tunggaliang liwanag at dilim...

*(nahubumaling
ang aking imahinasyon
sa iyong hugis
sa iyong mga gubit at bilog
sa iyong mga sulok
mundo ka ng lagalag kong isip
papayapain, sasakupin
gubat na lilibutin
dagat na aarukin*

Maayos na ang bagong bahay. Kabaliktaran ng ginawa mong pagliligpit at pagtatago ng iyong materyal na mundo sa dormitoryo: aking inilabas ang mga nakakahong mga libro at inilatag sa sahig, sa ibabaw ng mesa, sa kama; ikinalat ang mga gamit pangkusina; binulatlat ang mga damit at inilantad sa natitira pang suloksulok at espasyo. Ito ang kabuuan ng materyal kong mundo... hubad at walang itinatago sa aking mga mata. Nakahandang basahin at husgahan.

union consciousness lamang ang puedeng abutin within the economic struggle eh napapawalang saysay ang mahabang pakikipagsapalaran ng mga manggagawa hindi lamang sa pagpapabuti ng kanilang kondisyon kundi sa marami nang eksperimento sa socialist production at political decision-making.

tingin ko pa rin eh kinakatakutan nating mga burgis ang katotohanang hindi tayo kasali sa tunay na rebolusyong masa...

kung ang sunod na tanong mo eh: ano ngayon ang role ng mga kritikal na burgis kagaya natin?

aba eh di manabotahe!

heheh, napreempt ko yata susunod na komento mo. eto, ibalik natin sa diskusyon:

pagdating sa proletarian consciousness eh ala-lukacs ang aking posisyon. merong realidad at dynamics ang kondisyon, ang mundong ginagalawan ng masa na hindi natin mararanasan. this is based on the simple assertion that their world is not our world. di ba dito galing yong tanong ni spivak na can the subaltern speak? ang structured inaricularity ng masa eh totoo lamang sa ating mundo. of course when i say 'world,' i mean ideological world. nasa notional or ideal na mundo tayo at ang masa eh nasa obscene ideological double ng ating mundo. pag tayo'y naexpose sa doppelganger na mundo ng ating mundo eh nawawalan tayo ng agency. tignan mo na lang ang pinoy middle class via a vis si GMA dati at sa isyu ng corruption dati. hmm, mabalik tayo... ala-lukacs kung ganon, merong proseso ang ideological na mundo ng masa na lilikha ng kamalayang masa...

at least this is my hope. kung hindi naman eh matatanto ng ating mundo ang implosion ng dulot ng kawalang kahulugan ng masa (ala-baudrillard naman).

USAPANG BURGIS

on socialist leadership and the vanguard party: reiterate bourgeois leadership of the proletarian revolution, you mean...

heheh, hindi naman kasing-simplistic ni milliband ang konteksto ng comment ko. siguro pa eh nasa production at dynamics ng capitalist at bourgeois ideology at kung papaano tayo nagiging subject nito (althusser extended through zizek). kumbaga eh di usapin ng origins kundi subjection at subjectification... ang unedrlyng question eh: anong klase at praktika ng subjectivity ang meron sa konsepto ng socialist leadership at vanguard party?

tungkol naman sa class consciousness eh akala ko ba yong kondisyon ng workers ang ultimately determinant ng kanilang kamalayan. sa debate na 'yan dati nina lenin eh mas nagle-lean ako sa posisyon nina rosa luxemburg at sorel. at siempre sa archnemesi ni marx na si bakunin. dahil sa expyensiya ng socialization (o ideological production) ng burgis eh suspicious ako sa posisyon na mangagaling sa labas ang critical consciousness na magpapaproletaryo sa manggagawa. sa komento halimbawa ni lenin na trade

Rebelasyon ang gulo, nagbibigay ng panibagong anggulo para sa punto de bistan di mapakali, di sumasantabi, lagalag, may pakpak ang mga paa. At ano ang nabasa? Potensiyal na mundo mula sa pamilyar na. At ano ang husga? Ang potensiyal ay ginugupo ng aktuwal kung magpapabaya. Parang mahika, pagkatapos ng sakripisyong pagaalay ng katawan sa diyos ng automatikong paggalaw at ng kamalayan sa diyosa ng kawalan, ay naging malatahanan ang bagong bahay. Kulang na lang ang iyong pawis at katas, boses at yabag, ang iyong pasulpotsulpot na pagiral na maghehele sa aking pagtahan... sasamahan ang aking mga paglisan. Di ba ganon ang esensiya ng bawat tahanan? Tinitigilan, iniwan?

*ang iyong buod
ay gantimpalang hangad
ng aking kamalayan
sa gabi-gabing pakikipagsapalaran*

Malamang natatawa ka na sa singit-tulang tagaputol ng mga kaisipang putol na. O tagadugtong? Di ako sigurado. Nakikita ka bilang espasyo at minamapa sa kalikasan. Pero gusto ka ring gawing ispisipikong place, espasyong titigilan ng aking kahulugan. (Ultimate aporia ng aking personahe: ang aking pamacho shet. Hahaha. Miss lang kita, malamang.) Gusto kitang makatunggali, makasama sa pagbubuo ng... ng ano? Minimal na komunismo (ayon kay Badiou)? Mabalik tayo sa usapin ng esensiya, o buod (ayon sa singit-tula). Ano na nga bang sabi ko noon kay Agamben bilang sagot sa tanong mo? Na ang kanyang esensiya ay potensiya/l? Posibilidad at kapangyarihan. Kung totoo, ang bawat pagiral ay potensiya/l. At ang pagiral ay esensiya. (Mali si Sarte?) Parang maraming implikasyon ang ganitong konklusyon sa usapin ng politika, pagbibigay kahulugan sa immediate at sa mas malawak na mundo, at sa pagibig.

Tara?

*di mo siguro alam
na gusto kitang makaniig, namnamin
haplusin, lingkisin
bawat titig sa iyo)*

Subjection or subjectivization, anyone?

(subjectivization as subjectification/ subjectivation; see also individuation, e.g. the dynamics/tension between Dionysian fragmentation and Apollonian totalization)

n.b. ideology makes subjectivities

Althusser's ideological interpellation: the hailing expressed as "hey there!" by an authority like the police as an exemplar instance of subjection to an ideology:

three vantage points of analysis beyond Althusser's:

1. from the hailed: when the hailed stops, Žižek's ideological disidentification; when the hailed doesn't stop, subversion ala Negri? and Baudrillard's hyperobedience; 2. from the side of the police: the interval between hailing and face-to-face accosting as police discretion, Agamben's homo sacer; 3. from the view of bystanders: Žižek's enjoyment as a political factor

1. the hailed

1.1 stops: a. Althusser's ideological subjection (the individual is always

2.

There is a space for the mass, designated by state politics. Their poverty and inarticularity position them in the *zone of indistinction*, that inside/outside on which the sovereign draws its true power. This space at the limit of the social contract is where they are abandoned, prey to enemy powers and exposed to threats against life.

Slums in the country are spaces where the law might or might not apply. Within the symbolic, they are currently called informal settlements, and their denizens – informal settlers. The new vocabulary, politically correct and sanitized, may hide their reality away from the happy everyday people of the ordered social, but they inevitably explode into epidemics, riots... and in number. The solution is to always contain them: reproductive and other health programs that reduce their number or that make them safe, non-contagious; relocations to far-off sites, away from the obedient and peaceful.

From the point of view of the political, the mass is dangerous. If they cannot be ordered then they might as well be eliminated. Is this not what the fight against poverty is all about? How did that joke go again? In the news: "A fire engulfed several informal settlements killing all the informal settlers residing in them. Meanwhile, the government announces a significant decline in the number of the poor..."

1.

The limit of the social contract is the limit of the symbolic. Out there is the babble of many languages, the violence of irrational deeds. Out there is the real that sustains sovereign/symbolic power. Out there is the potential for that act that *cuts and taps into the real*... that act that will make the future world where and when the babble and the irrational will make sense.

We await that one *pure act*.

From the point of view of the political, the mass is nemesis.

+1.

Meanwhile, we are patient as an old-fashioned sabotage.

3+1: from subaltern silence to the act that cuts into the real

3.

The politics that regulates the social requires expertise in the use of language. This language structures the distribution, diffusion and use of power; it forms the symbolic horizon that marks and limits the possibilities of what can be politically and socially understood, and as such, addressed; it defines the properly rational political act.

In the Philippines, government policies and programs, laws –including their making and interpretation, and bureaucratic forms and procedures are all in English. The media/broadsheets that wrap and parcel the political discourse for societal consumption speak English. English is the language of politics. But to speak it with political efficacy requires being [learned](#) –supported by the social position, education, and confidence that are supposed to qualify a speaker. This effectively bans most of the mass, who speak any of the many languages that are locally spoken, from politics. Instead, they are spoken for.

From the point of view of the political, the mass cannot speak. And because they cannot speak, they cannot act.

already subjected); b. because of recognition of the hailed self as a potential violator of the law (to the postmodernist, an indication of possible subversion?); to Zizek: an exemplar of ideological disidentification (compare to Marx’s necessary liberty of the worker [civil rights] to contract and sell the use of his /her labour [as property, e.g. Locke]; the capitalist relations of production is dependent on this: that the worker is free to contract and free to revoke the contract; the fiction of liberty, control and property is necessary for the effective subjection of the worker to the production process; that is, the worker must be able to think that s/he can do otherwise [there is also the element here of Zizek’s avowal: I know very well that my freedom to contract and sell the use of my labour is fiction but I still act as if this freedom is real.]

1.2 does not stop: in both the following cases, the law is made irrelevant, frustrated; paradoxically, such impotence of the law is actuated by contradictory actions: exit or exodus as forms of subversion [Hardt/Negri’s concept of exodus involves defensive violence] and hyperobedience [as emptying the law of meaning and content]; a. the hailed recognizes him/herself as violator of the law and flees or exits the sphere of law; Virno’s concept of exit and Hardt/Negri’s concept of exodus; but how exactly does the subjectivity of the multitude manifests? in what form? b. the hailed recognizes him/herself as always obedient, respectful of the law and thus the police must be hailing somebody else; Braudillard’s hyperobedience and hyperconformity of the mass; but is there subjectivity to the eroding (in)action of the mass? (here, the mass must be interpellated as well; is it different when they are bystanders? see below)

2. from the point of view of the police (and its passage into the condition of the hailed): police discretion, the state of exception in practice through the police, is precisely the interval between “hey there!” and “this is the law that you violated” – in this interval, the hailed is Agamben’s homo sacer (political killings, salvagings in the Philippines, are examples of how extreme hailing can get; that is, demonstration of sovereign power over life and death); this connects to Zizek’s assertion about the obscene supplement of the law (the empty signifier that is the law is dependent on it for its effectiveness); the question is: is the homo sacer as subjectivity dangerous?; to Agamben, the homo sacer possesses the potential for constitutive action; the other side of lacking the protection of law is being free of its limitations

3. what about the bystanders? as witnesses to the hailing, do they get subjected as well? Zizek considers Kafka's parable of the Door in *The Trial*: as bystanders, the law does not see us and we think the law is not for us; but the hailing is a spectacle especially contrived for us (in the same way that the impassive door as metaphor for the law is really for the man who stood in front of it and did not enter it finally); as audience to the ideological interpellation, however it plays out, we enjoy it; precisely Zizek's point in his consideration of enjoyment as a political factor: the police discretion is the source of expectation that something other than the effects of the formal police power will happen; the Philippine miron is precisely the exemplar of the jouissance, the enjoyment from the expectation and its possible fulfillment; connected to Debord's spectacle?; the more important question is: is there a possibility for subjectivization in the bystander? are we complicit only as bystanders? is subjectivization dependent on actual engagement with power?

a reconsideration of Althusser's ideological subjection (a. above) as a process of totalization (universalization in the sense of Hegel) wherein ideology fails because of an excess in the individual as object of authority/ideology (in Althusser's concept of ideological state apparatuses, the ideological socialization into the order of the capitalist state is mediated through a diversity of identities that do not entirely correspond to the authority of repressive state apparatuses such as the police but to authorities in civil society); from the point of view of Foucault, power as such engenders the excess that it cannot dominate; the hailed individual is then split: making possible subjectivity or the subject (again in the Hegelian sense: the split between the notion of citizen and the hailed individual as an instance of a citizen; the failed reflection expressed as lack/excess between citizen and the hailed individual; the speculative identity of opposites, that is the citizen is equal to the hailed individual as a violator of the law; etc.); Althusser's subjection is thus also at the same time an instance of subjectivization (subjectification/subjectivation): the emergence of an agent of the act (of the revolutionary act; subjectivity is always an issue for Marxists in relation to the working class [class-in-itself] and the proletariat [class-for-itself] in relation to the multitude, the mass and the homo sacer); is the excess of subjection, the outcome of the subjectivization, the homo sacer?



Ang pamamayani ng bayani at kaakibat nitong pagkilala sa kanya ay constitutive o naghubuo ng kamalayang Pilipino.

Yon nga lang ay mukhang ang bersiyon ng kamalayang Pilipinong ito ay mababaw. Ito rin ay isang misrecognition. Para bang ang kamalayan ay isang bagay sa mundo na puede nating pagpasapasahan, paghatihatian, o di kaya'y isuot na parang maskara ng pagkakakilanlan. Hindi ito ang kailangan nating kamalayan. Ang kamalayang totoo ay makapangyarihan at nakakapagpabago. Pero bakit parang mailap ang ganitong totooong kamalayan? Imbes ay nakukuntento tay at sumasaya sa mababaw na kamalayang sumisilay lamang sa atin na parang araw, hiram ang liwanag na nararamdaman. Ang bersiyong ito ng kamalayang Pilipino ay panandalian. Ito siguro ang dahilan kaya tayo laging nangangailangan ng mga kagaya ni Jessica o ni Paquiao: upang ating maranasan muli ang pagiging Pilipino, pauli-ulit, kahit hiram, kahit pahapyaw.

Sa lengguwahe ni S. Zizek: Nae-enjoy natin ang ating sarili bilang bansa sa pamamagitan ng ating mga inatasang bayani.

Ang pangangalandakan, ang pagsisigawsigaw, pagiiyak, at pagdarasal para kay Jessica Sanchez ay mga indikasyon na usapin nga ng enjoyment ang pagtangkilik sa kanya.

Oo nga't siya ay talo. Pero pa-consuelo naman na kapangalan ng nanalong American Idol ang ating mahal na Pilipinas.

** Bagamat sa aking pagtingin ay bayani rin si Rizal. Inatasan at tinanggap siyang bayani ng kamalayang bayan bago pa man ang kanyang sakripisyo. Kinilala rin ni Rizal ang katungkulang ito na inatas sa kanya ng kamalayang bayan. Sa artikulong ito ay ang kamalayang Pilipino ang pinaguusapan na iba sa kamalayang bayan. Pero ang proseso ng pag-atas kay Rizal at kay Jessica bilang mga bayani ay may pagkakahalintulad.*

Beyond state and revolution?

1. the point in the exercise of analyzing the possibilities opened by Althusser's ideological interpellation as hailing is to ask:

a. what is the state? how is the state (as order, and thus as Gramsci's political society + civil society) produced and reproduced? how is the state totalizing? how is the state particularizing?

b. what is the revolution? how is the revolution a constitutive act? what is the dynamics of the state-revolution opposition? how can we account for the revolution that become totalitarian states? how is the revolution a danger to the revolutionaries? must we be revolutionaries? (Marxists? Anarchists?)

c. who are the "we" of the revolution?

We, the mass...

Tangkilikin si Jessica, enjoyin ang bansa!

(ang bayani sa panahon ng American Idol)

Ang usaping Jessica Sanchez at American Idol ay usaping mahahanap sa lahat ng dako ng social media. Kapag may sikat na mukhang Pilipino, maasahang tatanungin sa comment section ng kanilang mga post: “Pilipino ka?” At kapag may sikat na Pilipino sa mundo sa anumang larangan: boksing, beauty pageant, pag-aartista, MMA, manlilikha sa larangan ng sining, mananaliksik, malamang sa hindi ay ating sinusubaybayan, tinatangkilik. Ang tanong ay kung bakit masidhi ang pangangailangan ng mga Pilipino para sa isang hero gaya ni Jessica.

Masalimuot na konsepto ang “hero” o heroe. Hindi nito katumbas ang katutubong konsepto ng “bayani.” Ayon kay Z. Salazar, ang bayani ng sinaunang panahon ay inatasan upang panatilihin ang kaayusan at kabuuan ng bayan. Ang pagiging bayani ay isang katungkulan at sa katungkulang ito ay kabalikat ang buong bayan. Ang heroe naman ay konseptong bunga ng krisis ng pananakop ng mga dayuhan na kung kailan ang bayan ay napaloob sa kolonyal na kaayusan ng pueblo. Ang pagiging heroe ay di inatas ng bayan at kung ito’y

tinitignan man bilang isang katungkulan ay dahil inatas ito sa sarili. Hindi rin kailangan ng heroe ang bayan sa kanyang pakikipagsapalaran. Pero ang kanyang pakikipagsapalaran ay kanyang tinitignan na para sa bayan. Sa iba pa niyang sinulat ay sinabi ni Salazar na si Bonifacio ay bayani at si Rizal ay heroe.* Ang heroe, gaya ni Rizal, ay martir. Ang bayani, gaya ni Bonifacio na nanunungkulan para sa pagbubuo ng bayan, ay sakripisyo ng bayan.

Balik tayo sa tanong: Heroe ba si Jessica Sanchez? Pero di naman siya martir. At malamang ay hindi niya inatasan ang sarili upang maging heroe para sa bansa, hindi malamang niya tinitignan na ang kanyang sakripisyo ay para sa bansa. Hindi kaya bagong bersiyon siya ng bayani? Kumbaga ay post-hoc na pag-aatas ang kanyang pagiging bayani pagkatapos niyang magpamalas ng galing sa American Idol at, siempre, sa buong Amerika. Inatasan siya upang maging bayani sa isang proseso ng pagkilala ng mga kababayan na isa nga siyang Pinoy at siya bilang Pinoy ay kilala sa labas ng ating imagined community o bansa. Sadyang nauumapaw ang damdamin natin sa mga kababayan na sikat. Parang bang sila’y sikat para sa atin. “Oy, Pinoy! Astig.” At dahil astig, di ba’t ang bansa ay astig na rin?

May dalawang importanteng punto sa usaping ito: Una, ayon kay G.W.F. Hegel, ay ang consciousness o kamalayan upang maging self-aware ay nangangailangan ng recognition o pagkilala mula sa mga katulad na kamalayan. Ito ang buod ng kasaysayan ng sangkatauhan para sa kanya – ang pagkamit ng self-consciousness. Ang pagkilala mula sa kamalayan ng iba ay parang salaming nagpapakita ng kakulangan sa sariling kamalayan. Sa prosesong ito ay napupunan ang kakulangan sa pamamagitan ng paglitaw ng subject – ang self-aware na kamalayang tagamasid at tagapag-intindi ng mundo (o Sarili). At pangalawang punto, ang kamalayang Filipino ay nagiging self-aware sa pamamagitan ng mga Pinoy na “inaatasang” maging bayani. Ang katungkulan ng bagong bayani sa panahon natin ngayon ay ang i-recognize o kilalanin siya ng iba, at bilang resulta ay kilalanin din ang bansa. Kumbaga ang pagkilala sa bayani ay puedeng umapaw at kumalat sa iba pang Pilipino, sa maraming Pilipino, sa buong bansa.

Bagamat walang makikitang pag-amin mula kay Jessica mismo na siya ay bayani, ang importante ay ang pagkilala sa kanya ng bansa at ang resulta nitong pagmamalaki na palatandaan ng isang ego o kamalayang sarili. Ang sense of belonging na ating nararamdaman sa pagkilala kay Jessica ng Amerika ay palatandaan din ng parehong ego o kamalayang sarili.